**Republic of the Philippines**
**City of San Pablo**
**DALUBHASAAN NG LUNSOD NG SAN PABLO**
**INTEGRATED SCHOOL**

**Module sa Araling Panlipunan 2 (week 1)**

**Pangalan: Xhyantrel Anne C. Francisco Guro: John Mark D. Bacay**

**Layunin:**

**Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag – aaral ay inaasahang:**

- **Natatalakay ang kahalagahan ng mga paglilingkod/ serbisyo ng komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng mga kasapi sa komunidad.**
- **Natutukoy ang iba pang tao na naglilingkod at ang kanilang kahalagahan sa komunidad (e.g. guro, pulis, brgy. tanod, bumbero, nars, duktor, tagakolekta ng basura, kartero, karpintero, tubero, atbp.)**

**Unang Araw**

Panimulang Gawain

Ngayong panahong tayo ay lumalaban sa pandemic na COVID – 19, nasaksihan natin ang mga pagsasakripisyong ginagawa ng ating mga bagong bayani o mga Frontliners. Upang maunawaan natin ang kanilang ginagampanan, isulat sa lob ng kahon ang mga halimbawa ng mga frontliners at ang kanilang tungkuling ginagampanan.

1. Doktor –Ang mga doktor ay nagpapagaling ng mga pasyente pa gumaling at hindi kumalat ang sakit sa ibang tao.
2. Nars –Ang mga nars ay tumutulong sa doctor para mabilis gumali ang mga tao.
3. Pulis-Ang pulis ay nanghuhuli ng mga lumalabas.
4. Barangay Tanod -Ang mga brgy. Tanod ay nagbabantay kung m nalabas na mga tao.
5. Kapitan -Ang mga kapitan ay namamahala sa mga brgy.
6. Sundalo – Ang mga sundalo ay kagaya lang din ng mga pulis nanghuhuli lang din sila ng mga tao na nasa labas.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/

Bawat tao sa komunidad ay may mga pangangailangan na dapat matutugunan tulad ng masustansyang pagkain, maayos na pananamit, at ligtas na tirahan. Kabilang sa mga pangangailangan na ito ang pagkakaroon ng payapa at maayos na pamumuhay.

## Mga paglilingkod ng Komunidad

Ikaw at ang iyong pamilya ay kabilang sa barangay. Ang **barangay** ang pinakamaliit na komunidad na kinabibilangan mo. May mga paglilingkod sa inyong komunidad na inaasahang matatamo mo at ng lahat ng kasapi ng inyong komunidad.

May mga tao na nagsisikap upang matugunan ang inyong mga pangangailangan sa inyong barangay.ang pagbibigay ng mga paglilingkod na ito ay pinangungunahan ng punong barangay at mga kasapi nito sa pamunuan tulad ng kagawad, sk chairperson, kalihim, ingat-yaman ng barangay, at ang health at day care workers.

May mga komite at lupon o council na may mga programa at proyekto na binuo upang maipaabot ang mga serbisyo na ito sa mga kinauukulan. Ilang lamang sa mga ito ay ang mga sumusunod:

**1. paglilingkod pangkapayapaan at pangkaayusan**

Mayroong itinatag na Barangay Tanod Brigade para sa kapayapaan at kaayusan ng komunidad. Sila ang nagsislbing pulis ng barangay.





**2. paglilingkod pangkalusugan**

May mga health worker na nangangalaga sa kalusugan ng mga kasapi ng komunidad.tumutulong rin sila sa mga doktor sa pagbibigay ng bakuna. Tinitingnan din nila ang mga sakit na maaaring lumaganap sa lugar dulot ng iba't-ibang kadahilanan.

**3. paglilingkod para sa proteksiyon at kabuoang pag-unlad ng mga bata**

Pinagtutuonan ng barangay Day Care Worker na mabigyan ng proteksiyon ang mga bata, gayun din ang pagbibigay sa kanila ng masustansiyang pagkain, serbisyong medikal, at edukasyon.






**4. paglilingkod para sa proteksiyon ng kababaihan at mga bata**

May lupon na inorganisa sa halos lahat ng mga barangay upang mabigyan ng proteksiyon ang mga batac at kababaihan. Ito ay ang lupong pambarangay para sa proteksiyon ng kababaihan at mga bata (Barangay Council for the Protection of Women and Children). Ipinaglalaban ng lupong ito ang mga bata at kababaihan laban sa anumang uri ng karahasan.

This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

**5. paglilingkod upang mapabuti ang kabuhayan sa komunidad**

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/
This study resource was shared via CourseHero.com





**6. paglilingkod sa panahon ng kalamidad at kaguluhan**

Sa panahon ng kalamidad katulad ng paglaganap ng COVID-19, may Barangay Disaster Brigade na kaagad na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga kasapi ng komunidad.

Pagsasanay
Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Anu-ano ang paglilingkod na ipinagkakaloob sa atin ng mga pinuno ng barangay?

**Mayroong itinatag na Brgy. Tanod Bridage para sa kapayapaan at kaayusan ng komunidad Sila ang nagsisilbing pulis ng brgy.**

2. Bakit mahalaga ang mga paglilingkod na ito?

**Dahil po kung hindi ito mahalaga ang mga tao po ay magkakasakit agad at mamamatay sa walang tulong ng mga ibang tao.**

3. Sa iyong palagay, ano ang maaaring mangyari kapag walang paglilingkod sa iyong komunidad tulad ng nabanggit?

**Pwede po silang magkasakit o mamatay po dahil wala silang po silang pwede kainin at tulugan.**

**Ikalawang Araw**

Panimulang Gawain

Magdikit ng larawan na may kaugnayan sa pagbibigay ng paglilingkod sa komunidad (Halimbawa ay doktor) at ipaliwanag ang kanilang kahalagahan sa isang pangungusap.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/



**<u>May mga doctor na nangangalaga sa kalusugan ng mga kasapi sa ibat ibang lugar at meron din po silang hindi kaya gamutin sa lakas ng sakit.</u>**

**Iba pang tao na nagbibigay ng paglilingkod sa komunidad**

Mayiba't-ibang tao pa maliban sa pamunuan ng komunidad at mga lingkod-bayan ang tumutugon at nagkakaloob ng paglilingkod para sa iyo at iba pang kasapi ng komunidad. Halimbawa sa mga ito ay mga paglilingkod na may kaugnayan sa pagkain, tirahan, kalusugan, pananamit, seguridad o proteksiyon, at iba pa.

**Mga taong nagbibigay ng paglilingkod kaugnay sa pagkain**

**1. Magsasaka**

Sila ang nagtatanim ng mga halaman tulad ng bigas, gulay at iba pa. Sila rin ang nag-aalaga ng mga manok, baboy, kambing , kalabaw, at iba pa.





**2. Mangingisda**

Sila ang nagbibigay sa atin ng yamang nakukuha sa mga katubigan tulad ng mga isda, perlas, kabibe at iba pa.

**3. Panadero**

Sila ang gumagawa ng mga tinapay tulad ng pandesal, ensaymada, mammon at iba pa. Gumagawa rin sila ng cakes, cookies, at biscuits.



Pagsasanay

This study source was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/


Maglista pa ng ilan sa mga hindi nabanggit na mga taong nagninigay ng paglilingkod kaugnay sa pagkain.

**Kusinero,Tindera,**

**Maggugulay, Serbidero**

**Ikatlong Araw**

Panimulang Gawain
Gumuhit ng bahay na iyong nais maipatayo balang araw. Kulayan ito at disenyuhan



**Mga Taong nagbibigay ng paglilingkod pangtahanan**

**1. Karpintero**

Sila ang gumagawa at nagsasaayos ng mga tahanan.





**2. Elektrisiyan**

Sila ang nagkukumpuni ng mga sirang kable ng kuryente. Sila rin ang nagkakabit ng mga linya ng kuryente sa ating tahanan.

**3. Tubero**

Sila ang lumulutas sa problema ng mga sirang tubo ng tubig. Sila rin ang nagkakabit ng mga gripo sa ating tahanan.





**4. Arkitekto**

Sila ang nagdidisenyo n gating mga tahanang gusto mo at ng inyong pamilya.

This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/

**5. Pintor**

Sila ang nagpipinta ng ating bahay.



**Mga taong nagbibigay ng paglilingkod kaugnay sa pananamit**

**1. Sapatero**

Sila ang gumagawa at nag – aayos ng mga sapatos, sandals at tsinelas.






**4. Mananahi**

Sila ang gumagawa at nag-aayos ng ating mga damit, pantaloon, at iba pa.

Pagsasanay

May kakilala ka bang kamag anak na nagbibigay ng paglilingkod pangtahanan o pananamit? Isulat sa ibaba ang kanyang pangalan, kung saang kumpanya siya nagtatrabaho at kung gaano na siya katagal sa kanyang trabaho.

| |
|---|
| <u>Ang aking pong Tito na si Tito Edwin Comia ay isang pintor. Wala po siyang kumpanyang pinapasukan at siya ay halos 10 taong mahigit na sa kanyang trabaho.</u> |

This study resource was shared via CourseHero.com

**Ika-apat na araw**

**Mga taong nagbibigay ng paglilingkod pangkalusugan**

**1. Doktor**

Sila ang gumagamot sa atin kapag tayo ay maysakit upang tayo ay maging malusog at malakas.





**1. Nars**

Sila ang kaagapay ng doktor sa paggagamot ng maysakit. Sila ang nagbabantay sa mga maysakit sa ospital. Sila rin ang kumukuha ng inyong temperature at nagpapainom sa atin ng gamot.

**2. Dentista**

Sila ang gumagamot sa atinkapag masakit an gating ngipin. Siya rin ang bumubunot ng sira ng ating mga ngipin.




This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/

**Mga taong nagbibigay ng paglilingkod kaugnay sa kaligtasan at seguridad**

**1. Pulis at sundalo**



Sila ang humuhuli sa mga lumalabag sa batas. Ang mga pulis ang nagbabantay sa paligid upang mapanatili ang kaligtasan ng lahat. Inaalagaan naman ng mga sundalo ang seguridad ng ating bansa



**2. Security Guard o Gwardya**

Madalas natin silang Makita sa mga paaralan, pabrika, at iba pang establisyimento. Tungkulin nilang alagaan ang seguridad ng lugar na kanilang binabantayan at mga tao rito.

Pagsasanay

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang iyong nararamdaman para sa mga taong magbibigay ng serbisyo o paglilingkod sa iyo at sa iyong pamilya upang matugunan ang inyong mga pangangailangan?

**Ako po ay masaya dahil nakakatulong po din kami sa dapat gawin na mga gawain na pede po din agad gawin kahit bawal lumabas minsan minsan po nakakatulong po kami na masaya gawin.**

2. Paano mo maipapakita ang pasasalamat at pagpapahalaga sa kanila?

**Ang gagawin ko po ay magsasabi ng maayos na pagsasalamat sa aking mga papasalamatan na tumulong sa mga dapat po nila gawin.**

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000823997348 from CourseHero.com on 05-04-2021 23:19:58 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/61214940/AP-2week-1-1pdf/